


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Responsableng Tagapangalaga ng Kapaligiran



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 5: Responsableng Tagapangalaga ng Kapaligiran
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Glenda T. Navato, Maria Fe P. Alas	
Editor:	Juliet L. Lim,	
Tagasuri:	Jennifer M. Dejarlo-Alvior	
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.	
Tagalapat:	Gualberto R. Gualberto Jr., Vergel Junior C. Eusebio	
Tagapamahala:		
	Ma. Gemma M. Ledesma	Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane	Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino	Mark Chester Anthony G. Tamayo
	Joy B. Bihag	Gretel Laura M. Cadiong
	Ryan R. Tiu	Ranulfo L. Baay
	Amenia C. Aspa	Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 832 - 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 5:
Responsableng Tagapangalaga ng
Kapaligiran**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa iyong palagay, bakit tao ang pinili ng Diyos na maging tagapangalaga sa kapaligiran? Paano kung hindi magampanan ng tao ang pangangalaga nito?

Biyaya ng Diyos sa atin ang kapaligiran. Dito tayo nakatira at nabubuhay. Bilang pinakamatalinong nilikha, sa atin ito ipinagkatiwala. Kaya, pananagutan natin na alagaan at ingatan ang kapaligiran.

Sa araling ito, tutulungan kita na maging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran. Inaasahan ko na maisagawa mo ang sumusunod na kaugnay na kakayahan:

- Nakapagpapakita ng magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran;
 - 5.1 pagiging mapanagutan; at
 - 5.2 pagmamalasakit sa kapaligiran sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga programang pangkapaligiran.
- Nakapagbabahagi ng mabubuting katangian ng Pilipino na may kaugnayan sa pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran; at
- Nakagagawa ng isang proyekto na nagpapakita ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran.



Subukin

- I. **Panuto:** Isulat ang **Tama** kung nararapat gawin, **Mali** kung hindi nararapat gawin. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- | |
|--|
| 1. Kapag nagbibiyaha, itinatapon ko sa kalsada ang balat ng aking kinakain. |
| 2. Tumatakas ako tuwing araw ng paglilinis ng aking pangkat. |
| 3. Nakikiisa ako sa programang pangkalinisan at pangkapaligiran sa aming paaralan. |
| 4. Pinupulot ko ang mga kalat kahit walang nag-uutos sa akin. |
| 5. Pinipitas ko ang bulaklak sa halamanan. |

- II. **Panuto:** Sumulat ng isang pangungusap mula sa larawan kung ano ang dapat gawin bilang responsableng tagapangalaga ng kapaligiran. Isulat ang sagot sa papel.



pagtatapon ng basura

1. _____



pagsisipilyo na nakabukas ang gripo

2. _____



pagsusulat sa dingding ng silid-aralan

3. _____



pag tree planting

4. _____



paglilinis ng paligid

5. _____

Sanggunian: Ang mga larawan ay orihinal na iginuhit ni **Crisanto L. Lopera**, Tacloban City Division Illustrator

Aralin**1****Mapanagutang
Tagapangalaga ng
Kapaligiran**

Kapaligiran ang tawag sa lugar kung saan tayo namumuhay. May buhay at walang buhay, dito nagkakasama-sama. Sa kapaligiran din tayo umaasa sa ating pangunahing pangangailangan. Kaya napakahalaga ang ibayong pag-ingat at pangangalaga dito. Ang pagkasira nito ay pagkasira rin ng buhay.

***Balikan***

Panuto: Basahin ang mga gawain sa ibaba. Lagyan ng (/) ang sagot kung **Palagi, Madalas, Bihira** o **Hindi Kailanman**.

Gawain	Palagi	Madalas	Bihira	Hindi Kailanman
1. Nakikiisa ako sa pagtitipid ng kuryente at tubig sa aming tahanan.				
2. Ginagawa ko ang mga gawaing-bahay na iniaatas sa akin.				
3. Nagsasabi ako sa aking magulang ng aking mga opinyon o suhestiyon ukol sa mga plano ng pamilya.				
4. Sumasama ako sa mga proyekto ng aming paaralan ukol sa kaligtasan.				
5. Nakikilahok ako sa mga talakayan sa mga paraan ng pagpapatindi ng disiplina ng mga mag-aaral sa paaralan.				



Tuklasin

Panuto: Pag-aralan ang nakalistang karagdagang responsibilidad ng isang kabataang tulad mo. Lagyan ng **tsek (/)** ang mga bilang na may kaugnayan sa pangangalaga sa kapaligiran at **ekis (X)** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Pagkukumpuni sa mga bagay na maaari pang ayusin katulad ng bagong sapatos.
- _____ 2. Pagpapaalaala sa mga kaibigan na bawasan ang oras sa paglalaro.
- _____ 3. Pagtatanim ng puno minsan sa isang taon.
- _____ 4. Pag-aaral nang mabuti.
- _____ 5. Pagpapanatiling malinis sa mga daluyan ng tubig.
- _____ 6. Paggasta lamang ng pera sa pangangailangan.
- _____ 7. Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan.
- _____ 8. Paggalang sa nakatatanda.
- _____ 9. Pagtutol sa *illegal fishing* at *illegal logging*.
- _____ 10. Pagtulong sa gawaing-bahay.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-ano ang mga pananagutan na may kaugnayan sa kapaligiran? Bakit mahalaga na alam mo ang mga ito?
2. Masaya ka ba sa iyong natuklasang pananagutang pangkapaligiran?
3. Alin sa mga pananagutang pangkapaligiran ang kaya mong tugunan bilang kabataan? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Suriin

“Humayo kayo at *pamahalaan* ang daigdig...” Ito ang utos ng Diyos nang tayo ay Kanyang likhain. Malinaw na pinili Niya tayo na maging katiwala! Kaya, pananagutan natin na sundin ang kautusang ito. Ang maayos na pagsunod dito ay paggalang sa Kanya. Kaugnay ng kautusang ito, ang pangangalaga sa ating kapaligiran.

Bilang kabataan, paano mo maipakikita ang pagkamapanagutang tagapangalaga ng kapaligiran? Narito ang mga kilos na angkop sa iyo:

1. Pagtitipid sa paggamit ng mga *material resources*
Halimbawa: *tubig, kuryente, pagkain, papel, pera*, at iba pa.
2. Pag-iingat sa mga ari-arian, pribado man o pampubliko
Halimbawa: *personal* mong gamit (damit, sapatos, bag, *notebooks*); gamit sa bahay, sa paaralan, sa simbahan at sa pamayanan
3. Pagpapanatili sa kagandahan at kaayusan ng kapaligiran
Halimbawa: paglilinis at pagliligpit ng kalat; pagtatanim ng mga halaman o gulay at paglilinis ng daluyan ng tubig; pag-iwas/pagtutol sa bandalismo
4. Pagsasagawa ng RRRR- *re-use, reduce, recycle, reproduce*
Halimbawa: pagkukumpuni sa mga bagay na maaari pang ayusin; pag *recycle* sa mga patapong gamit; paggawa ng proyekto gamit ang *indigenous* na materyal
5. Pamamahala ng maayos sa mga basura
Halimbawa: paghihiwalay ng nabubulok sa di-nabubulok na basura; pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan/lugar.

Bilang mamamayang Pilipino, responsibilidad natin ang ating bayan. Sa ating mga kamay nakasalalay ang ikagaganda o ikasisira nito. Kaya mahalaga na may sapat kang kaalaman ukol dito. Makatutulong ito upang maayos mong magampanan ang mga pananagutang kaugnay nito.



Pagyamanin

Panuto: Kompletuhin ang **Tsart ng Pagkamapanagutang Tagapangalaga ng Kapaligiran**. Nagbigay na ako ng paunang **halimbawa sa unang bilang** bilang. **Ikaw na ang magpuno sa ikalawang bilang** (*mga pananagutan mo*) para mabuo ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Tsart ng Pagkamapanagutang Tagapangalaga ng Kapaligiran	
Kapaligirang Pantahanan	1. <i>Pananagutan at karapatan ng mga magulang na:</i>
	a. Itira sa isang ligtas na kapaligiran ang mga anak
	b. Palakihin ang mga anak sa maayos na tahanan
	Pananagutan ng Anak
	a.
b.	

Kapaligirang Pampaaralan	1. <i>Responsibilidad ng paaralan na</i>
	a. Bigyan ang mag-aaral ng maayos na silid-aralan
	b. Tiyaking ligtas at protektado ang bawat mag-aaral
	2. Responsibilidad ng mag-aaral na
	a.
	b.
Kapaligirang Pampaaralan	1. <i>Pananagutan ng pamayanan na</i>
	a. Panatiliing ligtas ang pamumuhay ng tao
	b. Magpatupad ng mga batas pangkapaligiran
	2. Pananagutan mo bilang mamamayan
	a.
	b.

Pamantayan sa Pagmamarka sa Pagsagot sa Tsart

Kraytirya/Pamantayan sa Pagsagot sa Tsart	(Puntos)		
	10	8	6
1. Nilalaman <ul style="list-style-type: none"> • May kaugnayan sa paksa • Makatotohanan • Kompleto ang mga bahagi (5) 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
2. Malikhaing Presentasyon <ul style="list-style-type: none"> • Maayos ang pagkasulat • Malinis ang gawa • Malinaw ang mensahe 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
3. Timeliness	Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon	Naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon	Naipapasa ng lagpas sa 2 linggo pagkatapos ng takdang panahon
Kabuuan	10- 100% 9.5-9.9- 99% 9.0-9.4 96%	8.5-8.9 93% 8.0-8.4 90% 7.4-7.9 88% 7.0-7.4 84%	6.5-6.9 81% 6.1-6.4 78% 1.0-6.0 75%



Isaisip

Panuto: Punuan ng tamang titik ang mga salitang may patlang. Piliin ang iyong sagot loob ng kahon sa ibaba. Isulat sa iyong kuwaderno ang sagot.

Ang responsableng tagapangalaga ng kapaligiran ay **ma_____tan**.
Naipakikita niya ito sa pamamagitan ng:

- Pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa kanyang mga res____bilidad.
- Pagkakaroon ng **__kas na l__b** sa pagtanggap sa kanyang mga **__nagu__**.
- Paghahanap ng **s____yon** sa suliraning kaugnay ng tungkulin.
- Pagsasabuhay ng **t__o at __ayo_** sa kanyang mga gampanin
- Pagsu__ta** sa mga kaugnay na programa ng pamahalaan.

lakas na loob	pananagutan	totoo	pagsuporta	mapanagutan
maayos	masaya	responsibilidad	solusyon	



Isagawa

Ibahagi ang gagawin mo sa mga nakasaad na situwasyon. Batay sa iyong sagot, tukuyin ang katangiang Pilipino na iyong ipinamamalas. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

- Pinahiram kayo ng aklat ng inyong guro. Nakita mong pinupunit ng inyong kamag-aral ang pahina nito.
Gagawin ko ay: _____
Katangiang Pilipino na aking ipinamalas: _____
- Kinalat ng aso ng iyong kapitbahay ang inyong mga basura.
Gagawin ko ay: _____
Katangiang Pilipino na aking ipinamalas: _____
- Natuyot na ang mga halaman sa “Gulayan” sa inyong pamayanan.
Gagawin ko ay: _____
Katangiang Pilipino na aking ipinamalas: _____

Pamantayan sa Pagmamarka sa Pagsusuri sa Situasyon

Kraytirya/Pamantayan sa Pagsagot sa Pagsusuri sa Situasyon	(Puntos)		
	10	8	6
Nilalaman <ul style="list-style-type: none"> • May kaugnayan sa paksa • Kompleto ang mga bahaging hinihingi • Maayos na pahayag 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
Pamantayang Moral <ul style="list-style-type: none"> • Makatotohanan • Kumikiling sa tama at kabutihan • Malinaw ang paninindigan 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
Timeliness	Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon	Naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon	Naipapasa ng lagpas sa 2 linggo pagkatapos ng takdang panahon
Kabuuan	10- 100% 9.5-9.9 99% 9.0-9.4 96%	8.5-8.9- 93% 8.0-8.4 - 90% 7.4-7.9 - 87% 7.0-7.4 - 84%	6.5-6.9 81% 6.1-6.4 78% 1.0-6.0 75%

Pakikiisa sa mga Programang Pangkapaligiran

Karugtong ng buhay ang kapaligiran. Bilang tagapangalaga, pananagutan natin ito. Ngunit hindi natin ito kakayanin na mag-isa. Kailangan ang sama-samang pagkilos upang ganap nating mapangalagaan ang kapaligiran.



Balikan

Panuto: Tukuyin kung ang pangungusap ay **Tama** o **Mali**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. Pananagutan ng pamayanan ang magpatupad ng mga batas pangkapaligiran.
- ___ 2. Responsibilidad ng paaralan na tiyaking ligtas ang bawat mag-aaral.
- ___ 3. Ang pagbibigay ng maayos na silid-aralan ay pananagutan ng magulang.
- ___ 4. Gampanin ng mga anak na ingatan ang mga gamit ng tahanan.
- ___ 5. Panangutan ng mag-aaral na igalang ang batas pangkaligtasan ng paaralan.
- ___ 6. Ang responsableng tagapangalaga ng kapaligiran ay mayayaman.
- ___ 7. Mapanagutang kilos ang pagsasabuhay ng tama at maayos sa gampanin.
- ___ 8. Hindi kailangan ang kaalaman sa responsibilidad upang maging mapanagutang tagapangalaga.
- ___ 9. Pagkamapanagutan ang paghahanap ng solusyon sa suliraning kaugnay ng tungkulin.
- ___ 10. Ang pagsuporta sa mga programang pangkaligtasan ay gampanin ng mamamayan.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang balita at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Kampanya sa Paaralan

May isang malaking programa ang Ipil Elementary School. Pinangunahan ito ng mga mag-aaral sa ikalima at ikaanim na baitang. Ang mga mag-aaral ay inanyayahang gumawa ng bagay mula sa basura. Bawat gawa nila ay pinakukunan ng larawan. Ipinapapasa ang mga larawang ito sa kanilang klase. May gantimpala ang klaseng makabuo ng maraming kagamitan. Ang mga larawang isusumite ang batayan sa paghusga.

Tumagal ang kampanya sa loob ng isang buwan. Ang mga klase sa ikalimang baitang ang nagkamit ng gantimpalang plake. Pinuri rin ang mga klase na masiglang nakilahok.

Sagutin ang Tanong: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno

1. Tungkol saan ang ginawang Kampanya ng mga mag-aaral?
2. Nagustuhan mo ba ang ginawa ng mga mag-aaral? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Anong katangiang Pilipino ang ipinakita ng mga mag-aaral na nais mong tularan? Bakit?



Suriin

Likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmalasakit. Naipababatid natin ito sa pagkikilahok at pakikiramay sa ating kapuwa. Gayundin, sa pakikiisa at pakikibahagi sa mga programang pangkapaligiran.

Bilang kabataan, may angkop sa iyo na mga programang pangkapaligiran. Inilunsad ito ng pamahalaan bilang tugon sa tawag ng paglilingkod.

1. Clean and Green Program

Hinihimok tayo na magtanim ng mga halaman at puno upang:

- a. Malabanan ang negatibong epekto ng *global warming*. Nagbubuga ang mga halaman at puno ng *oxygen*. Ang *oxygen* ay hindi lamang ginagamit natin sa paghinga. Ito'y nagpapalamig din sa temperatura ng ating atmospera.
- b. Madagdagan ang *supply* ng masustansyang pagkain. Kapag marami ang *supply*, maging mura ang presyo nito. Kaya mas marami ang makabibili at makakakain ng mga ito. Mababawasan din ang kaso ng malnutrisyon.
- c. Magkaroon ng dagdag pangkabuhayan. Maari mong ibenta ang mga prutas at gulay. Dagdag kita ito ng iyong pamilya, pambili ng inyong pangangailangan.
- d. Makatulong sa usaping pangkaligtasan. Sinisipsip ng mga ugat ng puno ang tubig ulan. Kaya, napipigilan nito ang malakas na pagbaha o *landslide*. May mga halaman din na magagamit natin pang *first aid*. Gaya ng halamang gamot laban sa kagat ng mga insekto. Nililinis din ng mga halaman ang polusyon sa hangin.

2. Beautification Program

Isinusulong nito ang pangangalaga sa kagandahan at kaayusan ng kapaligiran. Halimbawa, ang paglalagay sa tamang ayos at lugar sa mga kagamitan. Gayundin ang paglalagay ng mga babala at *signages*. Nakagagaan sa pakiramdam ang malinis at organisadong lugar. Nakatutulong ito sa maayos na daloy ng paggawa at kaligtasan.

3. Wastong pamamahala ng basura

Kaugnay ito sa pagsulong ng RRRR (*Re-use, Reduce, Recycle, Re-produce*). Hindi lamang pagbabawas ng basura ang tanging layon nito. Tinuturuan din tayo na maging masinop sa lahat ng *material resources*.

Maraming likas na yaman na hindi napapalitan, halimbawa ang *metal*. Manganganib na maubos ito kung maging pabaya tayo.



Pagyamanin

Panuto: Pumili lamang ng isa sa sumusunod na mga proyekto/programang pangkapaligiran ng pamahalaan.



- a. Brigada Eskuwela
- b. Clean and Green Program
- c. *Recycle Re-use Reduce Re-produce*
- d. Beautification program

Sagutin ang tanong:

Bilang kabataan, paano ka makilalahok sa proyekto/programang pangkapaligiran na iyong pinili? Kumuha ng isang bondpaper, iguhit ang hugis puso. Isulat sa loob ng hugis puso ang iyong sagot.

Halimbawa:

O, ikaw na naman



Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Bakit iyan ang pinili mong programang pangkapaligiran?
2. Sino-sino ang sa iyong palagay ang makatutulong sa iyo upang maisakatuparan ito?
3. Ano-ano ang mga paghahanda na iyong gagawin upang mapagtagumpayan ito?
4. Bakit mahalaga na makiisa ka sa mga proyektong pangkapaligiran ng pamahalaan?



Isaisip

Buuin ang mga konsepto ng talata. Punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap. Piliin ang angkop na salita na nasa loob ng panaklong at isulat ito sa sagutang papel.

Ang _____ (**pakikiramay, pakikiisa**) sa mga programang pangkapaligiran ay magandang asal. Pahayag ito ng pagmamalasakit na katangian din ng responsableng _____ (**tagapangalaga, taga-konsumo**). Ang _____ (**pagmamalasakit, paggamit**) sa kapaligiran ay kilos ng pagkamakalikasan. Magandang matututuhan ito ng kabataang tulad mo. Ikaw ang _____ (**paborito, pag-asa**) ng bayan di ba? Sa _____ (**pakikilahok, pangangalaga**) sa kapaligiran, inaalagaan mo na rin si Inang bayan.



Isagawa

Pakikiisa sa Programang Pangkapaligiran

Panuntunan: Balikan ang iyong sagot sa Pagyamanin. Isagawa ang pinili mong programang pangkapaligiran.

Mga dapat mong ihanda

- A. Panuto:** Gumawa ka ng Talaan ng iyong hakbang na gagawin upang maisagawa ito ng maayos.
- B.** Narito ang halimbawa:

Programang Pangkapaligiran: <u>CLEAN & GREEN: GULAYAN</u> Petsa ng Pagsisimula: <u>Enero 15, 2021</u> Petsa ng Pagtatapos: <u>Enero 25, 2021</u> Lugar kung Pagsasagawa ng Proyekto: <u>Barangay 45 Palo, Leyte</u>			
Mga Hakbang na dapat kong gawin	Petsa ng pagsasagawa	Mga kakailanganing Kagamitan sa Pagsasagawa	Taong Makatutulong sa Akin
1. Maghanap ng lugar/gamit na mapagtataniman	Enero 15, 2010	Harden, paso, lata, plastic na bote	Aking ate at kuya

Ikaw na naman:

Programang Pangkapaligiran: _____ Petsa ng Pagsisimula: _____ Petsa ng Pagtatapos: _____ Lugar kung Pagsasagawa ng Proyekto: _____			
Mga Hakbang na dapat kong gawin	Petsa ng pagsasagawa	Mga kakailanganing Kagamitan sa Pagsasagawa	Taong Makatutulong sa Akin

C. Panuto: Gumawa ng dokumentasyon ng iyong aktuwal na paggawa. Maaaring magpakuha ng larawan o *video*.

Maaring gawing gabay ang *Rubrics* sa (puwede ring lumikha ang guro ng sariling *Rubrics* batay sa kakayahan o pangangailangan ng mag-aaral)

Kraytirya/Pamantayan sa Pagsasagawa ng Proyekto	(Puntos)		
	10	8	6
Tsart <ul style="list-style-type: none"> Kompleto ang Datos Makatotohanan May Kaugnayan sa Paksa 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
Malikhaing Paggawa <ul style="list-style-type: none"> Maayos ang pagkagawa May kabuluhan ang produkto May Dokomentasyon 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.	Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
Timeliness	Naisasagawa/ naipapasa bago o ayon sa takdang panahon	Naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon	Naipapasa ng lagpas sa 2 linggo pagkatapos ng takdang panahon
Kabuuan	10- 100% 9.5-9.9- 99% 9.0-9.4 96%	8.5-8.9 93% 8.0-8.4 90% 7.4-7.10 88% 7.0-7.4 84%	6.5-6.9 81% 6.1-6.4 78% 1.0-6.0 75%



Tayahin

Panuto: Basahin at unawin ang mga sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nakita mong itinapon ni Lina ang kanyang basura sa harap ng silid-aralan. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Ipagsawalang bahala ang nasaksihan.
 - B. Kausapin si Lina na ilagay sa tamang basurahan ang itinapon.
 - C. Sabihin sa mag-aaral ang ginawa ni Lina upang mapag-usapan siya.
2. Napanood mo sa telebisyon ang tamang pagtatapon ng basura. Ito ay ang paghihiwalay ng uri ng basura. May basurang nabubulok, di-nabubulok at maaari pang gamitin. Bilang isang mamamayan, paano ka makikiisa sa programang ito?
 - A. Sundin ang tamang proseso sa paghihiwa-hiwalayin ang mga basurang itatapon.
 - B. Ipagpatuloy kung ano ang nakasanayang gawi sa pagtatapon ng basura.
 - C. Huwag pansinin kung anuman ang napanood.
3. Anong katangian ang ipinakikita ng isang batang tumutulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran?
 - A. Pagkamalikhain
 - B. Pagkamatipid
 - C. Pagmamalasakit
4. Magkakaroon ng “Clean Up Drive” sa inyong lugar. Napagkasunduan ng mga opisyaes na magtulungan ang lahat. Bawat tahanan ay may itinalagang representante na tutulong sa paglilinis. Sa paanong paraan mo maipakikita ang iyong suporta?
 - A. Kusang-loob na makiisa sa programa ng barangay.
 - B. Sabihin sa mga opisyaes na wala kang oras na tumulong.
 - C. Balewalain kung ano man ang ipinatutupad ng inyong barangay.
5. May grupo na nagpuputol ng punong-kahoy sa inyong lugar. Alam mong sa maaari itong maging sanhi ng pagguho ng lupa. Sa ganon, malalagay sa panganib ang buhay ng mga residente. Paano mo ito maipararating sa kinauukulan?
 - A. Pabayaan na lamang sila sa kanilang ginagawa.
 - B. Alamin kung sino ang maaring lapitan at ipaabot ang pangyayari.
 - C. Hikayatin ang iyong mga magulang na lumipat ng tirahan.

6. Magkakaroon ng *fund raising activity* sa inyong lugar. Para ito sa pagpapaganda ng liwasan. Iminungkahi ng isa sa mga miyembro na magkaroon ng tiket. Bawat kasapi ng ogarnisasyon ay magbebenta ng tiket sa kakilala. Paano mo sususportahan ang proyektong ito?
 - A. Malugod na tanggapin ang tiket at ibenta ito sa kakilala.
 - B. Magsawalang kibo na lamang.
 - C. Tanggapin ang tiket pero hindi ibebenta.

7. Bukod sa pakikilahok, paano mo pa maipakikita ang pagmamalasakit sa kapaligiran?
 - A. Pagtulong sa programa kung may kapalit na halaga.
 - B. Pagbabalewala kung ano man ang kanilang ipinatutupad.
 - C. Pagsunod sa mga alituntuning pangkapaligiran.

8. Nabasa mo ang iba't ibang babala at *signages* sa inyong lugar. Kaugnay ito sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan. Bilang residente, paano mo maipakikita ang pakikiisa dito?
 - A. Huwag pansinin ang mga babalang nababasa.
 - B. Sundin ang isinasaad ng mga babala.
 - C. Basahin lamang ang babala at ipagsawalang bahala.

9. Nakiisa ka sa pag-iingat sa mga likas na yaman mga ito. Anong pagpapahalaga ang pinakikita mo?
 - A. Pakikisama
 - B. Pakikilaramay
 - C. Pagmamalasakit

10. May mga ordinansang ipinatutupad ang lungsod laban sa *COVID 19* pandemya. Kasama dito ang pagpapanatili ng kalinisan ng sarili at ng ating kapaligiran. Ano ang ipinahihwatig nito?
 - A. Pagmamalasakit sa kapwa at sa kapaligiran
 - B. Mag-antay ng tulong galing sa iba.
 - C. Pagbabaliwala sa ordinansa.



Karagdagang Gawain

Pagbuo ng *Photojournal* ng magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran. Maaring gamitin ang sarili mong kuha na mga larawan, sarili mong guhit o mula sa lumang magasin o babasahin. Pwede ring manghingi ka ng larawan sa facebook account ng iyong mga kaibigan (**huwag kalimutan na mag-paalam sa may-ari bago magdownload**)

Ang iyong *photojournal* ay dapat na maglalaman ng sumusunod:

1. Cover page: Isulat ang
 - Pamagat ng Proyekto o Gawain, *hal. Mga Kilos ng Responsableng Tagapangalaga ng Kapaligiran o Mga Katangian ng Responsableng Tagapangalaga ng Kapaligiran*
 - Asignatura, baitang at seksyon, pangalan mo, pangalan ng iyong guro
2. Nilalaman
 - Mga larawan na nagpapakita ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran
 - Magbigay ng maikling paglalarawan sa kilos/programang pinakikita sa larawan
3. Pagninilay (isang talata na may di bababa sa 5 pangungusap)
 - Bakit mahalaga ang pangangalaga sa kapaligiran?

Maaring gawing gabay ang *Rubrics* (puwede ring lumikha ang guro ng sariling *Rubrics* batay sa kakayahan o pangangailangan ng mag-aaral)

Kraytirya/Pamantayan sa Pagbuo ng Photojournal	(Puntos)									
	10		8		6					
1. Nilalaman <ul style="list-style-type: none"> • May kaugnayan sa paksa ang larawan • Makatotohanan • Kompleto ang mga bahaging hinihingi 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.		Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.		Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.					
2. Malikhaing Presentasyon <ul style="list-style-type: none"> • Organizado/maayos na pagkakasunod-sunod sa mga datos • Maayos at malinis • Akma ang mga materyales na ginamit 	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.		Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.		Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.					
Timeliness	Naisasagawa/naipapasa bago o ayon sa takdang panahon		Naipapasa dalawang linggo pagkatapos ng takdang panahon		Naipapasa ng lagpas sa 2 linggo pagkatapos ng takdang panahon					
Kabuuan	10- 100%	9.5-9.9- 99%	9.0-9.4 96%	8.5-8.9 93%	8.0-8.4 90%	7.5- 7.9 88%	7.0-7.4 84%	6.5-6.9 81%	6.1-6.4 78%	1.0-6.0 75%



Susi sa Pagwawasto

Subukin

I.

1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

II.

1. Itapon ang basura sa tamang lalagyan.
2. Isara ang gripo, huwag mag-aksaya ng tubig.
3. Iwasan ang pagsulat sa dingding.
4. Makiusap sa muling pagtatanim ng puno.
5. Tumulong sa paglinis sa mga kanal upang makaiwas sa sakit.

Aralin 1

Tuklasin

1.	/
2.	X
3.	/
4.	X
5.	/
6.	X
7.	/
8.	X
9.	/
10.	/

Tanong (1-3)

Maaring Magkaba-iba ang sagot

Aralin 1

Pagymanin

Maaring iba-iba ang sagot

Aralin 1 Isaisip

- a. responsabilidad mapanagutan
- b. lakas na loob pananagutan
- c. solusyon
- d. totoo at maayos e. pasporta

Aralin 1 Isagawa

Gamitin ang Rubrics sa pagsusuri sa situwasyon

Pagymanin

(maaring magkaba-iba ang sagot)

- Pananagutan ng Anak Tumulong sa mga gawang-bahay
- Panatilihin ang malinis at maayos ang tahanan
- Mag-ingat sa mga gamit ng tahanan

Pagymanin

Responsabilidad ng mag-aaral

- Mag-ingat sa modelo sa tamang pagtatapon ng basura
- Sundin ang batas pangkalahat ng paaralan
- Ingatan ang mga aklat at gamit ng paaralan

Pagymanin

Pananagutan bilang mamamayan

- Sumunod sa mga batas na pinairal sa lugar
- Kusang-loob na makilahok sa mga programa ng pamayanan

Aralin 2

<p style="text-align: center;">Balikan</p> <p>1. Tama 2. Tama 3. Mali 4. Tama 5. Tama 6. Mali 7. Tama 8. Mali 9. Tama 10. Tama</p>	<p style="text-align: center;">Tuklasin</p> <p>Maaaring iba-iba</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Wastong Pamamahala ng basura (RRRR) 2. Opo, dahil ang mga patapong bagay ay maaaring nangunangunang mapakinabangan 3. Pagmamalasakit kapaligiran. - dahil kailangan ito ng pangunahing pangangailangan - ito ang tirahan 	<p style="text-align: center;">Pagymanin</p> <p>(Maaaring magkaiba-iba ang sagot)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Makakabawas na sa basura at maaari pang pagkakatiraan 2. Mga kaklase o pagkakatiraan, kapamilya 3. (maaaring iba-iba dahil kailangan ito ng ating buhay 4. Dahil kailangan ito ng -para lagi tayong ligtas
<p style="text-align: center;">Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pakikisasa 2. Tagapangalaga 3. Pagmamalasakit 4. Pag-asa 5. Pangangalaga <p style="text-align: center;">Isagawa</p> <p>(Maaaring magkaiba-iba Sumangguni sa Rubrics sa pagbibigay ng puntos</p>	<p style="text-align: center;">Tayahin</p> <p>1. B 2. A 3. C 4. A 5. B 6. A 7. C 8. B 9. C 10. A</p>	<p style="text-align: center;">Karagdang Gawain</p> <p style="text-align: center;">Gamitin ang Rubrics</p>

Sanggunian

Department of Education. n.d. *K to 12 Curriculum Guide in EsP Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank*. Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R., and Gloria A. Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Vibal Group Inc.: Quezon City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph